
# PAMPAMILYANG GABAY

sa paggawa ng content ng teenager

## Mga Tip para sa Mga Magulang

common sense networks™ sa pakikipagtulungan sa YouTube



**Sa mundo ng digital na pagkakonekta, hindi lang mga consumer ng content ang mga teenager—mga content creator din sila.**

Magandang paraan ang paggawa ng mga video para tuklasin nila ang kanilang mga interes, ipahayag ang kanilang mga sarili, at gumawa ng mga koneksyon. At maraming paraan para makibahagi ang mga magulang dito. Gamitin ang mga checklist na ito para gawing mas positibo, mas ligtas, at mas masaya ang online na mundo ng iyong teenager!

## KAPAKANAN

Gumawa ng sumusuportang kapaligirang naghihikayat ng digital na gawing mabuti sa kalusugan at inuuna ang pangkalahatang wellness ng iyong teenager. Magkaugnay ang pagiging masaya at pagsasaya!

### UNAHIN ANG KANYANG WELLNESS

- ✔ **Balansehin ang Mga Bagay-bagay**
  Maglaan ng oras para sa mga online at offline na aktibidad na gusto niya.
- ○ **Gumawa ng Support System**
  Magsama ng mga pinagkakatiwalaang kaibigan at kapamilya (spoiler alert)...tulad mo!
- ○ **Magdiwang!**
  Pahalagahan ang kanyang pag-usad, malaki man o maliit.
- ○ **Magtiwala sa kanyang Kutob**
  Kumustahin ang kanyang nararamdaman sa buong proseso.

# PAMPAMILYANG GABAY

sa paggawa ng content ng teenager

→ Mga Tip para sa Mga Magulang

common sense networks™ sa pakikipagtulungan sa YouTube

### BUMUO NG POSITIBONG KOMUNIDAD

- ✓ **Gumawa nang may Malasakit**
  Isaalang-alang kung paano posibleng tanggapin ang kanyang mga video at komento.
- ○ **Maging Inclusive**
  Kumpirmahing hindi nakakapanakit o nagsasantabi ng kahit sino ang kanyang content.
- ○ **Mag-isip nang Kritikal**
  Tukuyin ang maling impormasyon para tiyaking totoo ang sasabihin/ishe-share niya.
- ○ **Pigilan ang Cyberbullying**
  Paalalahanan siyang iwasan (o iulat) ang pambu-bully at digital drama.

## PAGKAMAMAMAYAN

Hikayatin ang iyong teenager na maging mabuting digital na mamamayang isinasaalang-alang ang epekto ng kanyang pagkilos sa kanyang sarili at sa ibang tao.

### MAG-INGAT SA LABIS NA PAG-SHARE

- ✓ **Magtakda ng Mga Limitasyon**
  Pag-usapan kung anong impormasyon ang ligtas o hindi ligtas na i-share.
- ○ **Suriin ang Mga Setting ng Privacy**
  Magpasya kung saan lalabas ang kanyang mga video at kung sino-sino ang makakapanood ng mga ito.
- ○ **Tingnan ang Mga Detalye**
  Tiyaking hindi naghahayag ng pribadong impormasyon ang kanyang mga sinasabi, pananamit, o lokasyon.
- ○ **Humingi ng Pahintulot**
  Kumpirmahing nagbigay ng pahintulot ang lahat ng taong ipinakita o binanggit niya.
- ○ **Isaalang-alang ang Epekto**
  Paalalahanan siyang HUMINTO > SURIIN ANG PANGANIB > MAGPASYA

## KALIGTASAN

Bilang kakampi sa kanyang proseso ng paggawa ng content, puwede mo siyang tulungang unahin ang kanyang kaligtasan at privacy habang hinihikayat siyang magpahayag sa malikhaing paraan.

Matuto pa sa kumpletong **Pampamilyang Gabay sa Paggawa ng Content ng Teenager**.